# BC PharmaCare

## Makakuha ng tulong para itigil ang paggamit ng tabako

Ang BC Smoking Cessation Program ay tumutulong sa mga táong nakatira sa B.C., anuman ang kanilang edad, sa gastos ng mga produktong nakakatulong na itigil ang paninigarilyo.

### Paano ito gumagana

Sinasakop ng programa ang 12 linggo (84 araw na magkakasunod) ng treatment isang beses bawat kalendaryong taon para sa alinman sa:

- Nicotine replacement therapy (NRT)—nicotine gum, lozenges o patches
- Mga de-resetang gamot para itigil ang paninigarilyo—bupropion (Zyban®) o varenicline generics

Ang coverage ay available sa B.C. residents na:

- Gumagamit ng produkto ng tabako—naninigarilyo, ngumunguya ng tabako, gumagamit ng snuff
- May aktibong Medical Services Plan (MSP) coverage

### Paano makakuha ng mga produkto para itigil ang paninigarilyo

#### Nicotine gum, lozenges, o patches

Sinasakop ng programa ang buong gastos ng ilang mga takdang nicotine patches, gum, at lozenges. Hilingin sa isang pharmacist na isali ka. Hindi mo kailangan ng reseta, pero kailangan mong pirmahan ang isang form na nagpapahayag na plano mong itigil ang paggamit ng tabako.

Ang nicotine replacement products ay mga gamot na hindi nangangailangan ng reseta at na naglalaman ng nicotine. Maaaring gawin nilang mas madali na mag-quit; tutulungan ka nitong dahan-dahang bawasan ang dami ng nicotine sa iyong katawan.

#### Bupropion (Zyban®) o kaya varenicline generics

Sa ilang plans, sinasakop ng programa ang buong gastos ng mga de-resetang gamot para itigil ang paninigarilyo: Plan C (Income Assistance), Plan G (Psychiatric Medications), Plan W (First Nations Health Benefits), at Plan B (Long- term Care). Kung ikaw ay sinasakop ng Fair PharmaCare lamang, ang coverage ay magdidepende sa kung umabot ka na sa iyong deductible o family maximum. Kausapin ang isang doktor, nurse practitioner, o pharmacist tungkol sa pagkuha ng reseta.

Ang bupropion at varenicline ay hindi naglalaman ng nicotine. Sila'y gumagana sa utak at ginagawa nilang mas madaling mag-quit at bawasan ang cravings. Matutulungan ka ng táong nagreseta sa iyo na magpasiya kung ang reseta para sa isa sa mga gamot na ito ay naaangkop para sa iyo.

### Para sa karagdagang impormasyon

Tawagan kami Lunes hanggang Biyernes, 8 am hanggang 8 pm at Sabado 8 am hanggang 4 pm

- Mula sa Lower Mainland: 604-683-7151
- Mula sa ibang bahagi ng B.C., toll-free: 1-800-663-7100

### Online resources

- Karagdagang impormasyon tungkol sa Smoking Cessation Program: www.gov.bc.ca/bcsmokingcessation
- Magrehistro para sa Fair PharmaCare: gov.bc.ca/ahdc

Bisitahin ang www.quitnow.ca para sa one-on-one support at mahalagang libreng resources na makakatulong sa iyo na itigil ang paninigarilyo. Humingi ng karagdagang impormasyon sa iyong pharmacist.